Step 7: Sagutin ang mga argumentong kontra sa paggamit ng condom

Kung sinabi ng kliyente na:	Sabihin na:
"ang mga may sakit lang o mga taong hindi malusog ang gumagamit ng condom"	1) May mga taong mukhang malusog ngunit may sakit o impeksyon. 2) Gumamit ng condom sa bawat pakikipagtalik. Ang paggamit ng condom ay kailangang tama at palagian.
"hindi masarap"	Napapatagal ng condom ang pagtigas ng ari na maaaring makadagdag sa sarap.
"madali itong mabutas o mapunit"	1) Ang condom ay dumaan sa masususing quality control. 2) Kapag ginamit nang tama ang condom, ito ay hindi madaling mabubutas o masisira.
"hindi masarap ang lasa"	Subukin mong gumamit ng chocolate, mint o strawberry flavored condoms.
"masyado itong mahal"	Ang condom ay mas mura kaysa sa pagpapagamot ng STD.
"hindi kasya—masyado itong malaki (o masyadong maliit)"	1) Ang condom ay kasya sa lahat ng ari gaano man kalaki ito. 2) Kung masyadong malaki, subuking gumamit ng dalawang condom.
"maiiwan ito sa loob"	1) Kapag ang condom ay isinuot hanggang sa pinakapuno ng ari, hindi ito maiiwan sa loob. 2) Alisin ang ari na may condom bago ito lumambot.

Step 8: Alamin ang iba pang mga katanungan at mga puna o komentaryo

Step 9: Tapusin ang pakikipag-usap

- Isangguni sa CHOW upang masuri kung maaaring gumamit ng pills, kung may posibilidad ng pagkakaroon ng STD, at para sa counseling upang maiwasan ang di-inaasahang pagbubuntis at pagkakaroon ng STD.
- Magbigay ng mga babasahin/IEC materials.
- Pag-usapan kung kailan ang muling pagkikita.
- Magpasalamat.

PATH Foundation Philippines, Inc.
ALLEVIATING POVERTY • IMPROVING HEALTH • PROMOTING ENVIRONMENTALLY SUSTAINABLE DEVELOPMENT

5/F Unit 506, Tower II Cityland Condominium 10
154 H.V. dela Costa Street, Salcedo Village, Makati City 1227
Tel: 632 817-5049 | Fax: 632 893-5360
Email: info@pfpi.org | Website: www.pfpi.org

i-popcorn

Pakikipag-usap sa mga Kabataan Tungkol sa kanilang Sexuality, Reproductive Health at Coastal Resources

Gabay para sa mga Youth Peer Educators

Sinuportahan ng

The David and Lucile Packard Foundation

A. Paghahanda para sa Pagsasagawa ng Outreach

Dalhin ang mga sumusunod:

- ❑ Identification Card
- ❑ Ball pen o Lapis
- ❑ PE Diary / IPC Forms
- ❑ Referral forms
- ❑ IPOPCORM handouts / IEC materials (posters, brochures)
- ❑ Samples ng Pills, Condoms at Paraan Dos
- ❑ Penis Model

B. Pakikipag-usap sa Kaibigan, Kabarkada o Kapwa Kabataan

Step 1: Batiin ang kliyente.

Step 2: Magpakilala
- ❑ Pangalan
- ❑ NGO
- ❑ Gawain
- ❑ IPOPCORM Initiative

Step 3: Humingi ng pahintulot na magsalita at makipag-usap.

Step 4: Ipanatag sa kliyente na ang mapag-uusapan ay confidential.

Step 5: Gumamit ng tamang kasanayan sa pakikipag-usap.

Step 6: Alamin kung may panganib na magbuntis nang di-inaasahan at magkaroon ng STD/HIV/AIDS

Kung ang kliyente ay:	**Gawin ito:**
Hindi pa nakikipagtalik - o - wala pang karanasan sa pakikipagtalik	1. Sabihin na ang kanilang desisyon na hindi makipagtalik ay: • Nagbibigay sa kanila ng pagkakataon na maabot ang kanilang mga pangarap at mapaunlad ang kinabukasan ng kanilang pamayanan. • Nagbibigay sa kanila ng proteksyon laban sa di-inaasahang pagbubuntis at pagkakaroon ng STD/HIV/AIDS. 2. Ipaliwanag kung paano nangyayari ang pagbubuntis. 3. Talakayin ang maaaring mangyari kung maagang makikipag-sex: • Mawawalan ka ng panahon sa pag-aaral at sa pakikilahok sa mga gawaing pampamayanan. • Magkakaroon ka ng malaking pamilya. • Ang maagang pakikipag-sex ay maaaring humantong sa di-inaasahang pagbubuntis, di-ligtas na pagpapalaglag at pagkakaroon ng STD/HIV/AIDS. Ang mga ito ay makakasama sa iyong kalusugan at sa iyong kakayahang magkaroon ng anak. • Maraming problemang kakaharapin ang mga batang ina o ama. 4. Ipaliwanag ang kaugnayan ng malaking pamilya sa coastal resources • Mas marami ang pakakainin • Pagtaas ng pangangailangan sa isda at iba pang mga pagkaing-dagat • Sobrang pangingisda at pagkaunti ng pagkain • Kapag mas kaunti ang pagkain mas maraming tao ang magugutom 5. Magbigay ng impormasyon tungkol sa mga pamamaraan sa pagpaplano ng pamilya para sa mga kabataan: • Condom • Pills • Condom Plus • Paraan Dos 6. Banggitin ang mga bagay na maaaring gawin upang manatiling hindi nakikipagtalik: • Pumili ng kaibigan na may kaparehong sexual lifestyle. • Gumawa ng mga bagay upang makaiwas sa pakikipagtalik tulad ng pakikilahok sa ibat-ibang sports, pag-iwas sa paggamit ng droga o bawal na gamot at pag-iwas sa mahabang oras na kasama ang ka-partner. • Magsanay kung paano tumanggi o umiwas sa pamimilit na makipag-sex.

Kung ang kliyente ay:	**Gawin ito:**
Nakipagtalik - at - walang ginamit na pamamaraan upang hindi magbuntis	1. Ipaliwanag na ang pakikipag-sex nang walang proteksyon ay maaaring humantong sa di-inaasahang pagbubuntis at pagkakaroon ng STD/HIV/AIDS. 2. Ipaliwanag kung paano nangyayari ang pagbubuntis. 3. Banggitin ang maaaring mangyari kung maagang makikipag-sex. 4. Ipaliwanag ang kaugnayan ng malaking pamilya sa coastal resources. 5. Talakayin ang mga benepisyo ng pagpaplano ng pamilya at ang epekto nito sa kaseguruhan sa pagkain at coastal resources. 6. Magbigay ng impormasyon tungkol sa mga pamamaraan sa pagpaplano ng pamilya para sa mga kabataan: • Condom • Pills • Condom Plus • Paraan Dos 7. Itama ang mga maling paniniwala at haka-haka. 8. Ituro at ipakita kung paano ang tamang paggamit ng condom at sabihin sa kliyente na ipakita o muling i-demo kung paano ang tamang paggamit ng condom.
Nakipagtalik - at - walang ginamit na condom	1. Sabihin sa kliyente na ang pakikipagtalik nang walang proteksyon ay naglalagay sa kanya sa panganib ng di-inaasahang pagbubuntis at pagkakaroon ng STD/HIV/AIDS. 2. Banggitin sa kliyente na ang STD/HIV infection ay maaaring walang sintomas. 3. Ipaliwanag ang mga pamamaraan upang makaiwas sa di-inaasahang pagbubuntis at STD/HIV infection: • Iwasang makipagtalik • Magkaroon lamang ng isang tapat na kapareha o partner • Gamitin ang condom nang tama sa lahat ng katalik • Gumawa ng ibang paraan upang mapanatili ang pagiging malapit sa isa't isa tulad ng pagyakap • Iwasan ang paggamit ng droga o bawal na gamot at pag-inom ng alak 4. Ituro at ipakita kung paano ang tamang paggamit ng condom at sabihin sa kliyente na ipakita o muling i-demo kung paano ang tamang paggamit ng condom.
Nakipagtalik - at - mayroong abnormal na katas sa ari na parang nana, masakit na pag-ihi at pagtatalik, pangangati o sugat sa ari	1. Magbigay ng impormasyon tungkol sa STD: paano nahahawa o naisasalin sa iba, mga palatandaan at sintomas, at mga paraan kung paano maiiwasan. 2. Himukin na komunsulta sa doktor. 3. Sabihin sa kliyente na ang paggamot sa sarili nang walang konsultasyon sa doktor ay lubhang mapanganib.